# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG MAYO 31, 2021, LUNES, IKA-01:00 NG HAPON, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

**KAPASIYAHAN BLG. 288-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG SUPPLEMENTAL INVESTMENT PLAN PARA KARAGDAGANG BADYET BLG. 1 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG BUBUKAL, SANTA CRUZ, LAGUNA NA MAY HALAGANG P575,985.00 NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHAN BLG. 056-T2021 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 03-T2021 NG BARANGAY.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Bubukal para sa Karagdagang Badyet Blg. 1 na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 055-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 002-T2021 na may halagang P575,985.00 mula sa Surplus o Natira noong Taong 2020 sa General Fund upang ilaan para sa Productivity Enhancement Incentive (PEI) (P55,000.00); Repair and Maintenance of Motor Vehicle (P30,000.00); Welfare Goods Expenses (P50,000.00); Other Maintenance and Other Operating Expenses (P120,985.00); Repair and Maintenance of Building and Other Structures (P50,000.00); Repair and Maintenance of Furnitures and Fixture (P70,000.00) at Other Infrastructure Assests (P200,000.00) ng barangay;

**SAPAGKAT,** may pinagtibay na Supplemental Investment Plan para sa Karagdagang Badyet Blg. 1 na pinagtibay sa bisa ng ng Kapasiyahan Blg. 056-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 03-T2021;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagsusuri at pag-aaral ay iminungkahing pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Efren L. Diaz, Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Mark Anthony P. Joven at Kgg. Lucena R. Odejar at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Supplemental Investment Plan para sa Karagdagang Badyet Blg. 1 ng Sangguniang Barangay ng Bubukal, Santa Cruz, Laguna na may halagang P575,985.00 na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 056-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 03-T2021 ng barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Sangguniang Barangay ng Bubukal at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Mayo 31, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
6/15/21